3

Republic of the Philippines

**Department of Education**

# NATIONAL CAPITAL REGION

**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 3 WEEK 8


**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

| | |
|---|---|
| Writer: | MARY JEAN T. PADILLA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA, |
| Layout Artist: | NORMAN S. GARCIA |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, DONNAH S. ARAGONCILLO |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

## Aralin 8: Angkop na Pamagat

**Inaasahan:** Nakapgbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto (F3PB–IIIf- 8)

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahing mabuti ang teksto at bilugan ang letra na maaaring pamagat nito.

1. Si Lapu-lapu ang unang bayaning Pilipino. Nang matuklasan ni Magellan ang Pilipinas, gusto niyang kilalanin ng mga katutubo ang hari ng Espanya. Tinutulan ito ni Lapu-lapu at naganap ang digmaan sa pagitan ng mga kastila at katutubo kung saan tinalo ni Lapu-lapu si Magellan at naging sanhi ng pagkasawi nito sa laban.

   A. Si Magellan
   B. Ang Mga Kastila
   C. Ang Mga Katutubo
   D. Lapu-Lapu, Bayaning Pilipino

2. Si Melchora Aquino ay ipinanganak noong ika-6 ng Enero, 1821. Ang kaniyang mga magulang ay sina Juan Aquino at Valentina Aquino. Noong kabataan niya ay madalas siyang maimbitahan sa kanilang parokya upang umawit lalong- lalo na sa mga araw ng Pabasa. Hinirang din siyang Reyna Elena ng Santakrusan. Kahit na walumpu't tatlong taong gulang na si Tandang Sora, ito ay hindi naging hadlang sa kaniyang paglilingkod sa bayan. Lihim niyang tinulungan ang mga katipunerong maysakit at nagugutom.

   A. Ang Reyna Elena
   B. Si Melchora Aquino
   C. Ang mga Katipunero
   D. Tandang Sora: Ina ng Katipunero

## Balik-Tanaw

Sa nakaraang aralin ay pinag-aralan natin ang tamang paggamit ng mga salitang kilos o pandiwa sa pangungusap na makatutulong din sa bagong aralin upang alamin ang angkop na pamagat ng isang teksto.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, alamin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento. Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.

## Gawain

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang kasunod na tanong

| |
|---|
| Isa sa mga katangiang ipinagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila ay naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masasarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin. |

- Paksang Diwa

  ______________________________________________

- Angkop na pamagat

**Panuto**: Basahin ang teksto at magbigay ng pinakaangkop na pamagat.

Hindi na mabilang ang mga kababayan nating nanguna sa larangan ng pag-awit, pagpipinta at pag-ukit. Hinahangaan ng mga dayuhan ang mga produkto nating gawang kamay tulad ng binurdahan at nililok. Tunay na ang mga Pilipino ay malikhain sa iba't ibang larangan.

Ibigay ang pamagat nito.

______________________________

**Panuto:** Basahin ang talata at pumili ng angkop na pamagat.

1. Ang niyog (*cocos nucifera*) ay may karaniwang taas na anim na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

   A. Ang Puno
   B. Ang Niyog
   C. Ang mga Gamit ng Niyog
   D. Mga Sangkap mula sa Niyog

2. Ang Kawanihan ng Rentas Internas (*Bureau of Internal Revenue*) ay ang sangay ng pamahalaan na namamahala sa pangongolekta ng buwis ng mga mamamayang may hanapbuhay. Bawat manggagawang Pilipino ay may tungkuling magbayad ng kaukulang buwis. Ang buwis na ibinabayad ang siyang ginagamit na pondo ng pamahalaan sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng ating bansa.

   A. Ang Buwis ng Mamamayan
   B. Ang Tungkulin ng Rentas Internas
   C. Ang kawanihan ng internas rentas
   D. Ang Kawanihan ng Rentas Internas

## Tandaan

Ang Pamagat ng isang akda o larawan ay nagpapahayag ng diwa nito. Mahalagang tandaan ang pagbibigay ng pamagat. Mabuting gawin itong maikli at makatawag ng pansin. Ito ay kalimitang humihikayat sa mambabasa na ituloy ang pagbabasa ng akda.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Pumili ng angkop na pamagat mula sa kahon para sa bawat talata.

| | |
|---|---|
| A. Ang Aking Ate | D. Ang Kangkong |
| B. Ang Gatas | E. Ang Paborito kong Ulam |
| C. Ang Manika Ko | F. Ang Mabuting Bata |

1. ________________________________________

Ang kangkong ay isang madahong gulay. Kulay berde ang dahon nito. Nabubuhay ito sa tubig o sa basang lupa.

2. ________________________________________

Sinigang na hipon ang paborito kong ulam. Lalo itong nagiging masarap para sa akin kapag si Nanay ang nagluto. Marami akong nakakain tuwing sinigang na hipon ang ulam namin.

3. ________________________________________

Magdalena, ang pangalan ng ate ko. Matalino at masipag. Mabait at magalang sa aming mga magulang.

4. ________________________________________

Isang masustansiyang inumin ang gatas. Sagana ito sa *calcium* na nagpapatibay ng ngipin at mga buto. Mayaman din

ito sa protina na mahalaga upang lumaking malusog ang isang bata.

5. ________________________________________

Gina ang pangalan na ibinigay ko sa aking manika. Ito ay may mahabang buhok. Dilaw ang damit nito pati ang sapatos. Talagang maganda ang aking manika.

**Panuto:** Basahin ang teksto at bilugan ang letra ng pinakaangkop na pamagat.

1. Isang mapagmahal at mahusay na guro si Ginang Mayla Cruz. Itinuturing niyang parang tunay na anak ang kanyang mga mag-aaral. Matiyaga niyang itinuturo ang mga mahihirap na aralin. Siya ang pinakamahal kong guro.

   A. Parang Tunay na Anak
   B. Ang Matiyagang Guro
   C. Ang Pinakamahal kong Guro

2. Ang buwan ang *satellite* ng mundo. Humihiram ito ng liwanag sa araw. Umiikot ito sa mundo. Sa isang ikot nito ay nabubuo ang isang buwan.

   A. Ang Pag-ikot ng Mundo
   B. Ang Satellite ng Mundo
   C. Ang Liwanag ng Araw

3. Kambal sina Faith at Hope. Magkamukhang-magkamukha sila. Mahilig silang kumain ng sorbetes. Pareho rin silang masipag mag-aral.

   A. Ang mga Bata
   B. Ang Paborito nila.
   C. Ang Kambal na sina Faith at Hope

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang teksto at kahunan sa ibaba ang letra ng pinakaangkop na pamagat.

1. Ang Pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Anomang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito, biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.

A. Ang Pamilya
B. Ang Pamilyang Pilipino
C. Ang Problema ng Pamilya
D. Biyaya ng Diyos ang Pamilya

2. Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang Pista. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron. Isa pang kilalang tradisyon ay ang bayanihan. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan.

A. Ang Bayanihan
B. Tradisyon ng mga Pilipino
C. Kapistahan ng mga Pilipino
D. Mga Kapistahan sa Lalawigan

**Panuto**: Isulat ang angkop na pamagat sa sumusunod na talata.

1. Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang

kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. Ang mga pagkaing mayaman sa bitamina A ay atay ng manok o baka, itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.

_______________________________________

2. Ang kapistahan ng *Our Lady of Peñafrancia* ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakadadalo sa Setyembre. Bago ang mismong araw ng kapistahan, may siyam na araw na nobena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa Ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga bangka.

_________________________________________

3. Ipinagmamalaki naman sa bahagi ng Rehiyon IV, ang Puerto Galera na matatagpuan sa Oriental Mindoro. May 130 kilometro ang layo nito mula sa bahaging Timog ng Maynila. Dinarayo ng mga turista ang mapuputing buhangin sa mga dalampasigan nito. Gayundin, napakaganda ng mga korales at iba pang laman-dagat na makikita sa kailaliman ng mga katubigan.

_______________________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Unang pagsubok**
1. D
2. D

**Gawain A.**
Paksang Diwa: Ang Katangi-tanging katangian ng mga Pilipino.
Angkop na Pamagat: Katangian ng mga Pilipino
B. Ang MAlikhaing mga Pilipino
C. 1. C 2. B

**Pag-alam sa Natutuhan**

| | |
|---|---|
| 1. D | 1. B |
| 2. E | 2. B |
| 3. A | 3. C |
| 4. B | |
| 5. C | |

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. B
2. B

1. Ang Bitamina A.
2. Ang Kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia.
3. Ang Puerto Galera.